# 2 barangay sa QC, positibo sa swine flu

Balita · 23 Sep 2019 · Jun Fabon

Kinumpirma ng Department of Agriculture (DA) at Bureau of Animal Industry (BAI) na nagpositibo ang unang walong blood samples ng mga baboy na isinumite ng Barangay Bagong Silangan at Payatas, Quezon City, sa African Swine Fever (ASF).

Nabatid na ang kabuuang 45 blood samples ay naibigay sa BAI subalit ang mga resulta para iba pa ay ilalabas pa lamang.

Personal na iniabot kay Quezon City Mayor Joy Belmonte ang resulta ng blood test sa isang pulong nina Agriculture Undersecretary Ariel Cayanan, BAI Director Ronnie Domingo, and ASF Crisis Management Team member at Dr. Rieldrin Morales — kinatawan ni DA Secretary William Dar.

Dahil sa pagpositibo ng dalawang barangay, agad namang nakipagpulong si Belmonte sa mga hog raisers ng Payatas para pakiusapan ang pagpatay sa mga baboy.

Nakatakda namang maglaan ang lokal na pamahalaan ng Quzon City ng P10 milyon budget para sa mga apektado ng ASF at hinimok ang lahat ng apektadong lugar na isuko na ang mga hayop na may ASF.

“Kaya importante na sa dalawang barangay ma-contain na ang sakit dahil kung kumalat pa sa ibang lugar, baka kulangin na ang ating pondo,” pahayag ni Belmonte.